# Tinanong ko ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-: Alin sa mga gawain ang kaibig-ibig para kay Allah? Nagsabi siya: Ang pagdarasal sa oras nito,Sinabi ko: Pagkatapos ay ano? Nagsabi siya: Ang pagiging mabuti sa mga magulang

Ayon kay Abdullāh bin Mas`ūd, malugod si Allah sa kanya-siya ay nagsabi: (( Tinanong ko ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-: Alin sa mga gawain ang kaibig-ibig para kay Allah? Nagsabi siya: Ang pagdarasal sa oras nito,Sinabi ko: Pagkatapos ay ano? Nagsabi siya: Ang pagiging mabuti sa mga magulang,Sinabi ko: Pagkatapos ay ano? Nagsabi siya: Ang pakikibaka sa landas ni Allah. Nagsabi siya: Sinabi sa akin ito ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at kung hiniling ko lang na dagdagan pa niya ako,tunay na magdadagdag pa siya sa akin)

[Tumpak.] [Napagkaisahan ang katumpakan.]

Tinanong ni Abdullāh bin Mas`ūd, malugod si Allah sa kanya- ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-tungkol sa paniniwala kay Allah,Alin sa mga ito ang kaibig-ibig kay Allah-Pagkataas-taas Niya? At sa bawat gawain na maging kaibig-ibig para kay Allah,ang gantimpala nito ay higit na marami,Nagsabi siya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-bilang pagpapahayag: Ang kaibig-ibig rito para kay Allah-pagkataas-taas Niya,ay ang isisatungkuling pagdarasal sa mga oras nito,na siyang itinakda ng Batas ng Islam,sapagkat napapaloob rito ang pag-uunahan ng pagtugon sa panawagan ni Allah-pagkataas-taas Niya-at pagsasatupad ng kautusan Niya,at ang pangangalaga sa dakilang pagsasatungkuling ito.At kabilang sa pagnanais niya-malugod si Allah sa kanya-sa mga kabutihan,Hindi siya tumigil rito,datapuwat ay itinanong niya ang ikalawang bahagi,mula sa kina-iibigan ni Allah -pagkataas-taas Niya-,at nagsabi siya: Ang pagiging mabuti sa mga magulang.Sapagkat ang una ay tunay na walang halong karapatan ni Allah,at ito naman ay walang halong karapatan ng mga magulang,At ang karapatan ng mga magulang ay sumusunod pagkatapos ng karapatan ni Allah,datapuwat tunay sa Kaluwalahatian Niya,na kabilang sa pagdadakila Niya rito,ay pinagdugtong Niya ang karapatan at pagiging mabuti sa kanilang dalawa sa Kaisahan Niya [ sa Pagsamba] sa mga talata ng maluwalhating Qur-an,Ito ay dahil sa obligadong tungkulin para sa kanilang dalawa,bilang kapalit sa paghihirap nila na naging dahilan ng pagkabuhay mo,paglaki mo,pagpapakain sa iyo,at ng pag-aalaga at pagmamahal nilang dalawa para sa iyo.Pagkatapos tunay na siya-malugod si Allah sa kanya-ay nagpadagdag sa taong hindi maramot,tungkol sa susunod na bahagi mula sa pagkakasunod ng mabubuting gawaing ito,Nagsabi siya: Ang pakikibaka sa landas ni Allah-sapagkat ito ang pinakamataas

na umbok ng Islam at haligi nito,kung saan ay hindi maisasagawa [ang Islam] maliban rito,at dahil rito ay mananaig ang salita ni Allah at maipapalaganap ang relihiyon Niya,at ang pag-iwan rito-Ang pagpapakupkop ay sa Allah-ay katumbas ng pagguho ng Islam,at pagkasira ng mga tao nito,at pagtanggal sa kadakilaan nila,at pag-agaw sa pinaghaharian nila,at pagbagsak ng mga pinuno nila at mga bansa nila,At siya ang tunay na inoobliga sa bawat Muslim,Sapagkat sinuman ang hindi nakapagdarambong,at hindi niya nilayun sa kanyang sarili na makipagdarambong,siya ay mamatay sa grupo ng mga impustor.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3365